FLORIDA DEPARTMENT OF EDUCATION fldoe.org

**Porma ng Pahintulot ng Magulang**
**Pagtuturo sa Access Points - Alternate Academic Achievement Standards (AP-AAAS) at**
**Pangangasiwa sa Pambuong-estado at Pamantayang Alternatibong Pagtatasa**

Estudyante: ____________________________________________ Petsa: ______________________________
Petsa ng Kapanganakan ng Estudyante: _________________________ Distrito: ______________________________
Pangalan ng (mga) Magulang: _______________________________ Paaralan: ______________________________

Bilang kalahok sa pangkat ng individual education plan (IEP, plano ng pang-indibidwal na edukasyon), may karapatan akong ipahintulot o itanggi ang pahintulot para sa "estudyante" (sa aking anak **o** sa aking sarili, kung ako ay nasa edad na 18 taong gulang o mas matanda pa at hindi pa naililipat ang mga karapatan sa ilalim ng IDEA) para sa pagtuturo at pakikibahagi sa mga pagtatasang nakahanay sa Access Points-Alternate Academic Achievement Standards (AP-AAAS, Mga Alternatibong Pamantayan ng Pagtamasa sa Pag-aaral) ng Florida.

Sa pamamagitan ng pagpirma sa ibaba, ipinapahiwatig ko ang aking pag-unawa sa mga sumusunod:

- Tutukuyin sa AP-AAAS ang pinakamahalagang nilalaman sa pag-aaral na ayon sa baitang para sa mga estudyanteng may pinakamalulubhang kapansanan sa pag-iisip at nakahanay ang mga ito sa mga pangkahalatang pamantayan sa edukasyon,, ngunit nasa binabaang antas ng kahirapan.
- Ang pambuong-estado at pamantayang alternatibong pagtatasa ay para sa mga estudyante na ang pakikibahagi sa programa ng pambuong-estadong pangkalahatang pagtatasa ay hindi naaangkop, kahit pagkatapos masubukan at matagpuang hindi matagumpay ang lahat ng mapapahintulutang akomodasyon at suporta, kabilang ang lahat ng mapapahintulutang pantulong na teknolohiya.
- Ang pagtuturo sa at pagtatasang batay sa AP-AAAS **ay maaaring makaapekto sa kinabukasan ng estudyante at mabawasan ang mga oportunidad sa trabaho, serbisyo sa militar, o edukasyon at pagsasanay ng estudyante sa hinaharap pagkaraan ng pagtatapos.**
- Ang mga estudyanteng sumasali sa mga kurso sa AP-AAAS ay kukuha ng pambuong-estadong pagtatasa batay sa mga alternatibong pamantayan. Ang mga kursong ito ay neutral pagdating sa kapaligiran na nangangahulugang maaaring ituro ang mga ito sa klase ng pangkalahatang edukasyon o sa isang klase ng ESE batay sa pasya ng pangkat ng IEP tungkol sa mga pangangailangan ng estudyante.
- Batay sa seksyon 1003.5715, Florida Statutes (Mga Batas ng Florida), ang distrito ng paaralang pinangalanan sa ibaba, ay **hindi maaaring** magkaloob ng pagtuturo sa AP-AAAS at pangasiwaan ang pambuong estado at pamantayang alternatibong pagtatasa maliban kung:
  - Nakapagbigay ako ng taunang nakasulat na pahintulot sa pormang ito; o
  - Naidokumento ng distrito ng paaralan ang marami at makatwirang pagsusumikap upang makuha ang aking pahintulot, at hindi ako nakasagot; o
  - Kumuha ng pag-apruba ang distrito ng paaralan sa pamamagitan ng pagdinig na may nararapat na proseso at proseso ng apela.
- Mananatiling may bisa ang pahintulot na ito hanggang sa susunod na taunang pagrerepaso sa IEP, o hanggang sa susunod na pagpupulong para sa IEP kung tutugunan ang pagtuturo sa AP-AAAS at ang pangangasiwa sa pambuong-estado at pamantayang alternatibong pagtatasa, alinman ang mauuna.

<u>Mangyaring pumili ng isa sa mga sumusunod:</u>

☐ Pinahihintulutan ko ang:

- Pagkakaloob ng tuturo sa AP-AAAS; at
- Pangangasiwa ng pambuong-estado at pamantayang alternatibong pagtatasa (kung naaangkop, batay sa baitang na kinalalagyan ng estudyante).

Pirma ng Magulang/Estudyante: ____________________________________________ Petsa: ______________________

☐ **Hindi ko** pinahihintulutan ang:

- Pagkakaloob ng tuturo sa AP-AAAS; at
- Pangangasiwa ng pambuong-estado at pamantayang alternatibong pagtatasa (kung naaangkop, batay sa baitang na kinalalagyan ng estudyante).

Pirma ng Magulang/Estudyante: ____________________________________________ Petsa: ______________________

Kung pinili mo ang "**Hindi** ko pinahihintulutan," sa loob ng 10 araw ng pasukan ay kailangang buuin ng distrito ng paaralan at ipatupad ang mga bagong pamamaraan sa pagtuturo at pagtatasa alinsunod sa bagong IEP **o** kailangan nilang humiling ng pagdinig na may nararapat na proseso.

Mayroon kang mga partikular na karapatan at proteksyong inilalarawan sa Paunawa ng mga Pamamaraang Pananggalang para sa mga Magulang ng mga Estudyanteng may mga Kapansanan. Upang makatanggap ng kopya o para sa tulong sa pag-unawa sa iyong mga karapatan, makipag-ugnayan sa iyong lokal na distrito ng paaralan.

Pangalan ng Distrito: ______________________ Kokontakin sa Distrito: ____________________________________
Dokumentasyon ng mga pagsubok na makuha ang pahintulot (Gagamitin Lamang ng Distrito):

| Petsa at Pamamaraan | Petsa at Pamamaraan | Petsa at Pamamaraan |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |